



Abiso ng koleksyon

Ano ang aming mga tungkulin at gawain?

Kasama sa aming mga tungkulin at gawain, bukod sa iba pang mga bagay ang:

- pagprotekta at pagpapahusay ng kaligtasan, kalusugan, kagalingan at kalidad ng buhay ng mga konsyumer ng pangangalaga ng matatanda
- pangangasiwa ng mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda at pagsiguro ng pagsunod ng provider sa mga responsibilidad sa pangangalaga ng matatanda
- pagtataguyod ng pagkakaloob ng may-kalidad na pangangalaga at mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda
- pagtanggap at pagtasa ng mga abiso tungkol sa maiulat na mga insidente sa ilalim ng Sistema ng Pagtugon sa Malubhang Insidente (Serious Incident Response Scheme)
- pagharap sa mga reklamo tungkol sa mga provider ng serbisyo sa pangangalaga ng matatanda at mga provider ng pinondohan ng Commonwealth na serbisyo sa pangangalaga ng matatanda.

Bakit mo natatanggap ang abisong koleksyon na ito?

Sa takbo ng aming trabaho ay kinokolekta at ginagamit namin ang personal na impormasyon, kasama ang sensitibong impormasyon na direktang nauugnay, o makatuwirang kinakailangan para sa isa o higit pa sa aming mga tungkulin o gawain sa ilalim ng *Batas ng Komisyon sa Kalidad at Kaligtasan sa Pangangalaga ng Matatanda 2018 (Aged Care Quality and Safety Commission Act 2018* – the Quality and Safety Commission Act) at ng *Batas sa Pangangalaga ng Matatanda 1997 (the Aged Care Act)*.

Pinahihintulutan kaming mangolekta, gumamit, at isiwalat ang ilang personal na impormasyon

alinsunod sa Batas ng Komisyon sa Kalidad at Kaligtasan sa Pangangalaga ng Matatanda, ang Batas sa Pangangalaga ng Matatanda, at ang Batas sa Pagkapribado (*Privacy Act*) 1988. Natanggap mo ang abisong ito habang kinukolekta o nakolekta namin ang iyong personal na impormasyon para sa isa o higit pa sa mga layuning ito.

Paano namin kinukolekta ang personal na impormasyon?

Mangungolekta kami ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng hanay ng iba't ibang mga pamamaraan kasama ang pakikipag-usap namin sa iyo o sa iyong kinatawan sa pamamagitan ng sulat, email at sa pamamagitan ng aming website. Nangungolekta rin kami ng personal na impormasyon kapag ikaw o ang iyong kinatawan ay nakikipagtagpo sa amin nang harapan o nakikipag-usap sa amin sa pamamagitan ng telepono. Maaari rin naming kolektahin ang iyong personal na impormasyon mula sa mga ikatlong partido (third party) tulad ng iba pang mga ahensya ng gobyerno o isang nauugnay na provider ng serbisyo sa pangangalaga ng matatanda at mga tauhan nito.

Kailan maaaring isiwalat ang iyong personal na impormasyon?

Maaari naming isiwalat ang iyong personal na impormasyon sa mga ikatlong partido para sa mga layunin na isakatuparan ang isa o higit pa sa aming mga tungkulin o gawain ayon sa batas. Halimbawa, ang iyong personal na impormasyon ay maaaring maisama sa isang pagsangguni (referral) sa ibang samahan na sumusubaybay sa kalidad at pamantayang propesyonal ng kalusugan at pangangalaga sa matatanda, tulad ng Australian Health Practitioner Regulate Agency, ang Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health) at mga coroner ng estado; o sa pulisya kung nauugnay ito sa isang insidente.

Gagamitin o ibubunyag lamang namin ang iyong personal na impormasyon para sa iba pang mga layunin alinsunod sa Bahagi 7 ng Batas ng Komisyon sa Kalidad at Kaligtasan, Bahagi 6.2 ng Batas sa Pangangalaga ng Matatanda, o kung saan man kinakailangan o pinahihintulutan ng batas.

Titiyakin namin na ang anumang kahilingan mo para sa pagiging kompidensiyal ay nasusunod maliban kung ang pagsunod dito ay, o malamang na, ilalagay sa panganib ang kaligtasan, kalusugan o kagalingan ng sinuman.

Ang lahat ng mga makatuwirang hakbang ay gagawin upang abisuhan ang mga nauugnay na indibidwal bago magpasya na huwag sumunod sa isang kahilingan sa kompidensiyalidad.

Hindi namin karaniwang isinisiwalat ang personal na impormasyon sa mga tatanggap sa ibang bansa, ngunit magsasagawa kami ng mga makatuwirang hakbang upang ipaalam sa iyo kung balak naming gawin ito.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming mga kasanayan sa pagkapribado, kasama ang paraan ng pag-access o pagtama sa iyong personal na impormasyon o magreklamo tungkol sa pribasya, tingnan ang patakaran sa pribasya na makukuha sa aming website o makipag-ugnay sa amin sa pamamagitan ng telepono.

Lahat ng impormasyon sa lathalaing ito ay wasto hanggang Abril 2021.



Telepono

1800 951 822



Web

agedcarequality.gov.au



Pagsulat

Aged Care Quality and Safety Commission
GPO Box 9819, Sa iyong Kabiserang Lungsod
(Capital City)